Safe Harbors

Introduksiyon sa Safe Harbors HMIS
Marso 8, 2011

Ano ang Safe Harbors?
Ang Safe Harbors ay isang Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Walang-Bahay (Homeless Management Information System, HMIS) sa pamamagitan ng pagtitipon ng impormasyon, sa paglipas ng panahon, tungkol sa mga katangian at mga pangangailangan ng serbisyo ng mga lalake, babae, at batang nakakaranas ng kawalan ng bahay o nanganganib na mawalan ng bahay.

Ano ang layunin ng Safe Harbors?
Ang hangarin ng Safe Harbors ay pag-unawa. Ang Safe Harbors ay nakikipagtulungan sa mga ahensiyang pangkomunidad upang magtipon ng impormasyon na lumilikha ng malinaw na larawan ng kung sino ang gumagamit ng mga serbisyong emerhensiya o pansuporta at anong tulong ang pangunahing kailangan. Ang pagtitipon ng impormasyon tungkol sa mga kliyente ay nagbibigay-daan sa: mas mabuting mga programa, mas natatanging mga serbisyo, at napapanahong daan sa mga kailangang kakayahan.

Kailangan ko bang lumahok?
Ikaw ang magpapasiya kung nais o ayaw mong lubos na lumahok sa Safe Harbors, at walang pagkakaitan ng mga serbisyo batay sa kanilang paglahok. Kung sumang-ayon ka na lumahok, ang iyong impormasyon ay pananatilihin sa sistema ng HMIS ng hanggang pitong taon pagkatapos na tumigil ka sa pagtanggap ng mga serbisyo at pagkatapos ay tatanggalin. Ang pagbibigay ng impormasyong nagpapakilala ng tao, tulad ng pangalan, araw ng kapanganakan at numero ng seguridad sosyal (social security number) ay ang pinakamahusay na paraan upang matiyak na ang iyong mga datos ay gagamitin. Maaari mong hilingin na makita ang iyong mga datos sa Safe Harbors o hilingin na ang impormasyong nagpapakilala ng tao ay tanggalin o alisin sa sistema.

Paano gagamitin ang aking mga datos?
Ang iyong mga datos ay pananatilihin sa isang protektadong sistema ng mga datos na magagamit lamang ng mga taong binigyan ng pangalan ng gumagamit (username) at hudyat na salita (password) ng tauhan ng Safe Harbors at ang sistema ay ipinasok sa kanilang kompiyuter. Ang Safe Harbors ay nagbibigay ng impormasyon na tumutulong sa mga tagapondo at sa Komite Upang Tapusin ang Kawalan ng Bahay (Committee to End Homelessness) sa County ng King upang:

- Upang maintindihan kung paano natutugunan ng mga programa ang mga pangangailangan ng mga tao na natagpuan ang mga sarili na walang permanenteng bahay o nangangailangan ng mga emerhensiyang serbisyo
- Pabutihin ang pag-uugnay ng mga serbisyo at ilaan ang mga kakayahan kung saan ang mga ito ay makagagawa ng pinakamabuti sa paglutas ng kawalan ng bahay
- Tulungan ang mga tagapagtaguyod at tagagawa ng patakaran na ikuwento ng kawalan ng bahay sa County ng King at kumuha ng suporta ng publiko para sa aming mga pagsisikap
- Sukatin ang pangkalahatang progreso ng sistema ng serbisyo sa pagtatapos sa kawalan ng bahay

Walang indibidwal, makikilalang mga datos ng kliyente na makukuha ng sinumang hindi pinahintulutan sa pamamagitan ng Safe Harbors na gumamit ng tipunan ng mga datos. Ang mga buod na ulat tungkol sa mga katangian ng kliyente at mga takbo ng serbisyo ay makukuha ng mga apektado kapag hiniling at kung kailangan.